

Pangkat 1- Mga Katanungan Tungkol sa Diyos

Mga Katanungan Madalas Tanungin

Bago tayo magsimula, tanungin muna natin ang ating sarili

Sino ang Diyos para sa akin?

Ano ang kaugnayan ko sa Diyos?

Ang Diyos ba ay nagpaparusa?

Para sa akin, ang Diyos ba ay mapagmahal o magagalitin na Diyos?

Paaano ko malalaman kung tunay kong alam ang katotohan?

Sino ang Diyos?

Ang Diyos ay Makapangyarihan. Siya ang alating Taga-paglikha. Tayo ay Kanyang nilikha. Tayo'y Kanyang pinahintulutan na tawagin Siyang Ama sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Hesus Kristo.

Sino si Hesus?

Si Hesus ay Anak ng Diyos. Ang Diyos ay ang Taga-paglikha ng kalangitan at ang mundo. Siya ang naglikha ng lahat at Siya ang nagmamay-ari ng lahat ng Kanyang nilikha.

Isinugo ng Diyos Ama ang Kanyang kaisa-isang Anak na si Hesus Kristo sa mundo upang mamatay sa krus bilang handog para sa ating mga kasalanan para tayo ay maligtas at magsama-sama sa Ama bilang Kanyang anak. Pinasan ni Hesus Kristo ang ating mga kasalanan para tayo ay maligtas. Sa pamamagitan ni Hesus Kristo, tayo ay nagka-karapatan tawagin ang Diyos na ating Amang taga-paglikha. (Abba)

Sino ang Espiritu Santo?

Nang lisanin ni Hesus Kristo ang lupa, ibinigay Niya ang Banal na Espiritu na Manahan at gumabay sa atin. Ito ang Banal na Espiritu.

Si Hesus ba ang Diyos? Ang Banal na Espiritu ba ay Diyos?

Totoo. Meron tayong Tatlong Persona sa lisang Diyos. Ang Diyos Ama, Diyos Anak at ang Diyos na Espiritu Santo ay lisa. And Diyos ang naglikha ng sanlibutan, ang mundo at ang lahat ng nasa mundo at ang buong sangkatauhan. Isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak na si Hesus Kristo para manirahan dito. Si Hesus ay naparito upang turuan tayo ng maka-Diyos na pamumuhay at Siya ay naparito upang mamatay sa krus para sa atin. Nilinis Niya ang atin mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Dugo, sa kamatayan sa krus upang tayo ay makasama ng Diyos Ama. Ibinigay Niya ang Banal na Espiritu na manirahan sa atin puso at makasama natin magpakailanman.

Ang Banal na Espiritu ay maninirahan sa atin kung Siya ay ating iimbitahan sa ating puso.

Sino ang Diyos para sa akin?

Ang Diyos ay ang ating Mapagmahal na Ama sa langit. Kami ay madalas na tumitingin sa Diyos na aming tagapaglikha at kami bilang Kanyang nilikha. Ngunit mayroong higit sa katotohanang ito. Siya ang ating Ama at tayo ay Kanyang mga anak sa pamamagitan ng ating Panginoon Hesus Kristo. Kung tayo'y maniniwala na si Hesus bilang Buklong na Anak, tayo ay makiisa sa Diyos bilang Kanyang mga anak. Sa pamamagitan ni Hesus, may karapatan tayong tawagin ang ating Nanglikha bilang Ama. Abba

Ano ang kailangan ng Diyos sa atin?

Gusto ng Diyos na malaman na mahal Niya tayo. At siya ay nag-aabang na balang araw na mamahalin natin Siya bilang Ama. Nais Niya na malaman natin ang Kanyang dakilang plano para sa atin. Nais Niyang mahal natin Siya, lumapit sa Kanya at palakasin ang ating ugnayan sa Kanya. Nais Niyang tayong maglaan ng oras para sa Kanya—mangusap sa Kanya, hanapin ang Kanyang pangangaral, sa panalangin, sa mapanglaw na kalooban. Nais Niyang makilala natin Siyang lubusan.

Ano ang layunin ng atin buhay?

Ang layunin ng atin buhay ay ang gawin ang kalooban ng Diyos. Ang kalooban ng Diyos ay mahal natin Siya, higit Siyang makilalang mabuti at malaman na mahal Niya tayo na higit sa ating iniisip o higit sa maaaring ilarawan sa salita. Upang malaman kung papaano natin maaaring ibigin Siya, paglingkuran Siya, paglingkuran ang kapwa at maging matagumpay sa atin buhay, kailangan natin maglaan ng maraming oras sa Kanya, sa Kanyang Banal na presensia.

Papaano tayong lalong mapalapit sa Diyos?

Maaaring tayong mapalapit sa Diyos sa paglalaan ng oras sa Kanyang Banal na presensia, sa pamamagitan ng pagbabasa at pagbubulaybulay ng Kanyang Salita (Ang Bibliya), sa pamamagitan ng pagdarasal sa Kanya at sa pagbigay sa Kanya ng lugar na una sa atin buhay. Pagbibigay ng oras at paggugugulan ng panahon sa Kanyang presensia araw-araw na dapat ang pangunahin natin dapat gampanan.

Ano ang Kapanglawan? Ano ang “silent time”?

Ang kapanglawan ay pagtutuon ng panahon sa Diyos, sa Kanyang Banal na presensia at sa Kanyang paanan. Mahal tayo ng Dios at ang Kanyang ibig ay tayo ay mag-laan ng oras para sa Kanya at upang malaman natin ang Kanyang pagmamahal para sa atin. Madalas, tayo ay tumutugon sa Diyos at nananalangin lang sa panahon ng ating pangangailangan. Hangad ng Diyos na mas naisin natin Siya. Ang hangad ng Diyos ay hindi lang tayo tumutugon sa Kanya kung tayo ay nangangailangan ng pabuya mula sa Kanya kungdi pati na rin sa lahat ng mabubuti sa atin buhay. Siya ay nagnanais na maging pinaka-mahalagang tao sa ating buhay. Gusto Niyang ibahagi natin sa Kanya hindi lang ang kalungkutan ngunit pati ang kagalakan at kaligayahan. Gusto Niya na talakayin din natin sa Kanya ang ating surilanin, hamon, ang ating kagalakan, ang ating tagumpay at lahat ng bagay na bahagi sa atin buhay. Nais Niyang isuko natin ang atin buhay at buong pagkatao sa Kanya upang bigyan direksyon sa lahat ng kabutihan at kayamanan inilaan para sa atin. At dahil doon, kailangan natin hangarin Siya, katagpuin Siya, kilalanin Siya at sumunod sa Kanya.

Ano ang plano ng Diyos sa atin? Ano ang kaligtasan?

Ito ang nais ng Diyos para sa lahat upang magkaroon ng buhay na walang hanggang na kasama Siya. Ang mga tao ay nag-aklas laban sa Kanya at nahulog sa kasalanan. Subalit, mapagmahal ang Dios, hindi Niya tayo iniwan na walang pag-asa o walang kasagutan. Isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak na si Hesus sa mundo upang mamatay sa krus para lang sa atin mga kasalanan. Kapag nagtiwala tayo kay Hesus at magsisi, tayo ay Kanyang patatawarin at tayo ay makiki-isa sa Kanya.

Nang tanggapin natin si Hesus Kristo na tagapagligtas sa pamamagitan ng personal na pananampalataya, sa pamamagitan ng pagtiwala sa katauhan ni Hesus Kristo, ang Kanyang sakripisyong kamatayan sa krus para sa atin mga kasalanan at ang Kanyang muling pagkabuhay, isinasakatuparan natin ang naisin ng Diyos para sa atin upang maligtas mula sa walang hanggang paghuhukom at kahihinatnan ng atin mga kasalanan. At maaaring tayong mapanatag tungkol sa ating hinaharap sa Dios, sa Kanyang Banal na Presensia magpakailanman. Ito ang aking kaligtasan.

Talaga bang inaanyayahan tayo ng Dios sa Kanyang Presensia?

Ang Diyos ang nagnanais na tayo'y mananahan sa Kanyang Banal na Presensya. Ang unang alagad ni Hesus nang lumapit sa Kanya at nagtanong kung saan Siya naninirahan, Siya ay sumagot, "Halika at Tingnan". Simula nun, ang Kanyang alagad ay sumunod kay Hesus at nananahan sa Kanya. Ang pag-ibig ng Diyos ay walang katulad- kahapon, ngayon at magpakailanman. Kahit ngayon, kung ikaw ay mag-uusisa na makilala Siyang lubos, ito ay Kanyang paanyaya na maglaan ng oras sa Kanya, upang kilalanin Siya at maranasan ang Kanya, upang kilalanin Siya at maranasan ang Kanyang pagmamahal. Kailangan lang natin ang malugod na puso at malugod na kaisipan.

Si Hesus ay nag-aanyaya, *"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapanghingan"*.

Isa pang kamangha-manghang pangako ng Diyos para sa atin, na tinutukoy sa Bibliya ay *"Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong buhay sapagkat Siya ang nagmamalasakit sa inyo"*.

Tunay ngang ang Diyos ay mapagmahal na Diyos at tayo ay inaanyayahan sa Kanyang Presensiya, para makapiling Siya.

Bakit kailangan Sambahin si Hesus?

Sinasamba natin si Hesus dahil Siya ang Anak ng Diyos. Siya ay naparito sa mundo upang mamatay dahil sa atin. Siya'y naparito sa mundo upang makapiling tayo at turuan ng maka-Diyos na pamumuhay. Siya ay naparito upang tayo'y maligtas sa matinding poot sa kasalanan at kasakitan. Namatay Siya sa krus para sa atin, para tayo ay ipag-kaisa sa Diyos, ating mapagmahal na Ama sa langit. Dahil sa Kanya, kaya natin tawagin ang Makapangyarihan Diyos bilang ating Ama.

Merong bang particular na panahon ng panalangin para manalangin kay Hesus?

Walang particular na oras o panahon ang pagdarasal kay Hesus. Ang nais ng Diyos na tayo't lumapit sa Kanya araw-araw. Maaaring tayo ay lumapit sa panalangin sa Kanya sa anumang oras.

Napakagandang kaugalian ang manalangin kay Hesus sa umaga bago simulan ang araw natin at sa gabi bago tayo matulog. Maaaring natin ipanalangin sa Kanya ang pagpapala para sa atin sa pasimula ng atin araw. At sa gabi, maaaring tayo'y manalangin ng pasasalamat sa Kanyang biyaya at sa mga pagpapala. Sa pagtatapos ng buong araw, magandang pagbulaybulayan ang kaganapan nito para pasalamat siya sa lahat ng biyaya, humingi ng tawad sa mga pagkakamali sa atin nagawa at humingi ng pag-aakbay at biyaya sa susunod na araw.

Maaari din natin ipanalangin ang atin mga minamahal, mga kaibigan, mga kapit-bahay at kahit sino pa man. Nagagalak ang Diyos kung tayo'y manalangin para sa atin kapwa. Dahil doon, kailangan natin na maglaan ng oras para manalangin at mamagitan para sa iba.

Maaari bang pumunta ang isang tao sa simbahan kahit na may "kabuwanan dalaw" (regal)?

Oo, maaaring magpunta ang isang tao kahit siya ay may "kabuwanan dalaw" (regal). Walang patakaran at walang paghihigpit. Si Hesus ay walang tinatangi-tangi, madali siyang malapitan ng may sakit at kahit walang sakit, ng mga mayayaman at ng mga maralita, ang mga kabataan at mga matatanda. Si Hesus ay nagpunta sa lupa upang manirahan kasama natin. Siya, bilang Anak ng Diyos, ay may karapatang mamili kung saan Niya nais ipinanganak. Sa halip na kaginhawaan sa mayaman na pamumuhay, pinili Niya ang sabsaban bilang lugar ng Kanyang kapanganakan. Pinahintulutan Niya ang mga pastol ang unang bumisita sa Kanya imbes na ang mga mayayamang tao.

Papaano tayo dapat manalangin?

Walang patakaran at pamamalakad ang panalangin. Maaaring tayo'y manalangin ng tiklop kamay o bukas palad. Maaaring tayo'y manalangin na nakaluhod, naka-upo o nakatayo. Ang mas mahalaga ang kalagayan ng puso natin. Si Hesus ay nakatingin sa ating kalooban ng ating puso.

Kung tayo'y manalangin, dapat natin pasalamat at papurihan siya sa lahat ng Kanyang ginawa para sa atin at para sa mahal natin. Maaari tayong manalangin ng may particular bilang parte n gating pang araw-araw na panalangin. Ang panalangin ay panahon natin makipag-usap sa Diyos, bilang ating Ama. Kung tayo ay nakikipag-usap sa ating ama sa lupa, hindi tayo naghahanda ng atin sasabihin o bibigkasin paksa at mga salitang gagamitin. Ito ay likas o kusang-loob. Gayon din, kung tayo'y lalapit sa atin Ama, ang ating panalangin ay maging-likas at kusang loob. Hindi natin kailangan maghanda ng salita at pangungusap.

Napakaganda rin sanayin natin ang pag-angkin ng mga pangako ng Diyos (hango sa Bibliya) kung tayo ay mananalangin sa Diyos. Ikagagalak ng Diyos na tayo ay nananalangin para sa iba.

Merong bang particular na araw sa loob ng isang linggo sa pagpapanalangin?

Walang particular na araw sa panalangin. Ang bawat araw ay mahalaga. At tayo ay dapat na manalangin sa Kanya araw-araw. Ang mga simbahan ay may nilaan na tanging oras kaparte ng pagsamba tuwing linggo na dapat natin puntahan at papurihan ang Diyos bilang komunidad.

Maaaring magkaroon ng particular na araw sa loob ng isang linggo para manalangin at mag-ayuno. Maaaring kang magkaroon ng particular na araw para sa lupon ng panalangin at ipa-abot sa Diyos ang panalangin para sa isa't-isa.

Merong bang particular na bersikulo na kailangan sambitin habang nananalangin? At kung meron, Kailan ito?

Maaari o maaaring hindi ka gumamit ng particular na bersikulo habang nananalangin. Ang ating Mahal na Hesus ay alam at batid Niya ang laman ng ating puso't damdamin. Gayon man, napakagandang kaugalian na gumamit ng mga pangakong hango sa Bibliya at angkinin ang mga pangako tuwing nananalangin.

Ang Bibliya ay Ang Katotohanan. Ang mga pangako sa Bibliya ay magagamit natin na paniwala at angkinin para sa atin.

Walang particular na pagsasa-oras ang panalangin. Tayo'y makakalapit sa Panginoon kahit kailan natin gusto. Siya ay malalapitan sa anumang oras.

Ano ang iba't-ibang uri ng Panalangin?

May mga iba't-ibang uri ng panalangin para sa pangangailangan natin. Maaari tayong manalangin sa Diyos na gamit ang mga panalangin na hinding magamit para sa atin. May mga "anyo ng panalangin" (maaaring sumangguni sa Pangkat ika-tatlo ng librong ito para sa Panalangin na nais mong gamitin). Maaari tayong manalangin sa Dios na gamit ang ating salita at pangungusap. Uunawain tayo ng Diyos kahit na hindi natin mabigkas at mabanggit ang atin nasa isipan at nararamdaman. Siya ay Diyos na mapagmahal.

Ang nais ng Diyos ay tayo'y manalangin at mamagitan sa ibang tao. Kapag nanalangin tayo sa Diyos, dapat din natin ipanalangin ang ibang tao na maaaring nasa katulad na ating sitwasyon (kahit na hindi nila alam). Sa gaanun paraan, tayo ay nagiging pagpapala sa buhay ng iba. At ang Diyos ay nalulugod.

Sa ibang pagkakataon, ako ay balisa at walang lakas humarap ng lubusan sa panalangin. Anong gagawin ko?

Sa panahon ng sandaling pagkabalisa at kapaghatian, tandaan ang mga nakalipas na sandali na ang Diyos ay biniyayaan ka. Pasalamatang Siya sa lahat ng biyayang pinagkaloob sa atin. Purihin Siya bilang ating Diyos at ang ating Mapagmahal na Ama. Alalahanin natin kung papaano biniyayaan ng Diyos ang Kanyang anak. Alalahanin ang mga kwento sa Bibliya na kung papaano Niyang biniyayaan ang mga anak Niya (halimbawa: Paglabas nila sa Ehipto, paggawa ng daraan nila sa “Rea Sea”, kasa-kasama sila sa paglalakbay sa disyerto, sa pag gabay sa kanila sa pamamagitan ng “haliging apoy at haliging ulap” sa paglalaan ng pagkain at tubig sa disyerto at iba pa). Pasalamatang at Papurihan ang Diyos palagi. Habang ikaw ay nagpupuri ay nananalangin sa Kanya, mapapansin mo na nagbabago ang iyong kalagayan ng iyong isipan at damdamin. At magagawa mo pang manalangin ng mabisa.

Bakit ang pag-aayuno ay importante?

Ang pag-aayuno ay nagdudulot ng mas mapalapit sa Diyos. Sa pamamagitan ng pag-aayuno ng madalas, tayo ay mas mapalapit sa Diyos at mas malalaman natin ang Kanyang kalooban. Ang pag-aayuno ay maglalagay sa ibang antas na ating relasyon sa Diyos.

Paano mag-aayuno?

Maraming iba’t-ibang uri ng pag-aayuno at pagtatagal ayun sa iba’t-ibang uri ng pag-aayuno. Ang pag-aayuno ay maaaring mag-iba sa tagal at katangian. Maaari itong kalahating araw minsan sa loob ng isang linggo at kung minsan umaabot pa sa habang apatnapung araw o higit pa.

Para sa magsisimula, maaaring i-plano ang pag-aayuno ng isang beses sa isang linggo, ng kalahating araw (halimbawa; sa hindi pagkain ng almusal at pananghalian). Ang pag-aayuno ay hindi nangangahulugan na iiwas sa pag-inom ng tubig. Sa katunayan, ang pag-inom ng tubig ay dapat mas mataas sa panahon ng pag-aayuno. Ang araw ng pag-aayuno ay dapat ginugugol sa karagdagan panahon ng panalangin. At maaaring wakasan ang pag-aayuno sa hapon o gabi. Maraming mga tao ay inihihinto ang kanilang pag-aayuno ng alas-tres ng hapon, kung saan ang oras ng kamatayan ng ating Panginoon Hesus sa krus, sa pagligtas mula sa kapit ng kasalanan at nagwagi sa laban ng kamatayan.

Ang pag-aayuno bilang isang grupo ay lubhang makapangyarihan. Ang mga tao ay maaaring magsama-sama sa pag-aayuno at manalangin at mamagitan para sa isa’t-isa.

Maaari kang sumangguni sa “internet” para makakuha ng karagdagan kaalaman tungkol sa iba’t-ibang uri ng pag-aayuno.

Ano ang Alas-Tres na panalanginan?

Ang Alas-Tres ng panahon ay tinatawag na oras ng “malaking kagandahang-loob”. Ito ang oras ng ating Panginoon Hesus Kristo ay namatay para sa atin sa krus ng kalbaryo at tubusin ang buong mundo. Ito ang sandali na binago ng Diyos ang mundo magpakailanman. Ang Alas-tres na hapon ng panalanginan ay nagpapaalala sa atin ng pag-ibig ng ating Panginoon Hesus Kristo at Kanyang pag-alay sa krus upang ikaw ay maligtas, ako at ang buong mundo. Ang pag-ibig ni Hesus Kristo ang pagpapatunay na higit na pag-ibig Niya sa ating lahat.

Mangyaring sumangguni sa pangkat ng panalangin ng “Panalangin sa Ikatlo ng Hapon”.

Ano ang Bibliya?

Ang Bibliya ay ang kwento ng pag-ibig ng Diyos. Ito ang kwentong pag-ibig ng Diyos sa ating anak Niya. Lahat tayo ay anak ng Diyos. Sa pagbabasa mo sa Bibliya, iyong malalaman ang magandang balakin para sa ating lahat. Ang Bibliya ay naglalarawan na kung papaano nilikha ng Diyos ang lahat, kung papaano Siyang nagmahal, kung ano ang nais Niya sa atin, paano at bakit Niya pinadala si Hesus para mamatay para sa atin, ano ang tagubilin at payo Niya para sa atin at ang pang araw-araw na pamumuhay, at maraming kawili-wiling at inspirasyon na katotohanan.

Ang Bibliya ay talata ng maraming aklat na sinulat ng mga manunulat na binigyan inspirasyon sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu. Kaya’t ang Bibliya at Salita ng Diyos.

Ang Bibliya ay naglalaman ng:

- Ang kwentong pag-ibig ng Diyos
- Ang ating pagkakakilanlan kay Kristo
- Isang kahanga-hangang kolesyon ng mga tunay na makasaysayang mga kwento.
- Ang Buhay ni Hesus
- Pang-hihikayat ng mga pangako ng Diyos sa atin
- Ang mga tagubilin at mga payo para sa pang araw-araw na buhay (ang tagubilin ng buhay)
- Ang pagtitibay ng pag-ibig ng Diyos sa atin, lalo na sa mga panahon ng kawalan ng pag-asa, kalungkutan at kaguluhan.

Ano ang kwentong pag-ibig ng Diyos sa atin hango sa Bibliya?

Ang Bibliya ay isang kwentong pag-ibig. Ito ang kwentong pag-ibig na kung papaano Niya tayo minahal, na Kanyang mga anak. Ang Bibliya ay nagbibigay kaalamanan ng kung papaano nilikha ng Diyos ang

kalangitan at ang mundo, kung papaano Niya nilikha ang tao, ang pagmamahal Niya para sa atin, papaano at bakit namatay si Hesus Kristo, ang Kanyang kamanghang-mangha na pangako at plano sa atin.

Kung babasahin mo ang Lumang Tipan, matutunan mo kung paano niligtas ng Diyos ang kanyang mga anak sa Ehipto, palayain sa pagkakaalipin, kung paano Niya hinati ang dagat at ginawan ng daanan para makatawid na ligtas, kung papaano Niya kinalingan at kabayan sa pamamagitan ng haligi ng ulap sa araw at haligi ng apoy sa gabi.

Mababasa mo ang mga kwento na kung papaanong naglaan ng tinapay mula sa langit, tubig na mula sa bato para sa Kanyang mga anak na nasa desyerto. May mga kwento sa Bibliya kung papaano Siya sinuway at saktan ng kanyang anak. Ngunit laging silang pinapatawad ng Diyos at pinagpapala dahil sa pag-ibig niya. Ang mga Israelita ay nasa desyerto sa loob ng apatnapung taon ngunit ang kanilang kasuotan ay hindi naluma at ang kanilang mga paa ay hindi namaga mula sa maraming paglalakad sa desyerto.

Iilan lang ito sa mga kwento sa Bibliya. Marami ka pang matatagpuan kahanga-hangang kwento ng Pag-ibig ng Diyos.

Ang Bibliya ba ay talagang totoo?

Oo, ang Bibliya ay totoo. Ang Bibliya ay Salita ng Diyos. Maraming mga tao ang nagtatalo tungkol sa katumpakan ng mga pangyayari sa Bibliya. Maraming katanungan inihain ng mga tao ay may naisagot na sa loob ng matagal na panahon. Halimbawa, maraming katanungan na nagkaroon ng kasagutan sa pamamagitan ng arkeolohikong katibayan, mga tala sa kasaysayan, at iba pa ay natagpuan na. Marami pang katanungan na nauukol sa agham ay binigyang kasagutan ng mga bagong maka-agham na katibayan na lumabas at may mga tao na ipinagtagpi nila ang kasulatan sa Bibliya. Gayun din, maraming katanungan ang mga tao (ukol sa ganap na kawastuhan ng mga katotohan nabanggit sa Bibliya). Susubukan nating makakuha ng sagot sa hinaharap, habang ang mga tao ay naghahanap pa din ng daan sa makabagong “maka-agham na katibayan”, mga tala ng kasaysayan at iba pa.

Ang mahalaga ay tayo ay naniniwala sa pagmamahal ng Diyos sa atin at ang Kanyang Salita, ang Bibliya. Ang lahat ng ating mga katanungan ay masasagot din sa Kanyang takdang panahon. Kailangan tayong maniwala sa Diyos at magtiwala sa Kanya.

Paano ko babasahin ang Bibliya?

Ang Bibliya ay isang koleksiyon ng iba't-ibang aklat. May ibang mga aklat na may inalalaman ng iba't-ibang kwento, yun iba ay mga Salitang karunungan, ang iba naman ay tula, may mga aklat na nagbibigay ng particular na tagubilin, ang ibang aklat ay nilalaman ay tungkol kay Hesus at ang Kanyang ministeryo sa lupa.

Kung susubukan mong basahin ang Bibliya sa simula at hanggang dulo, isipin mo na parang isang makapal na nobela, ikaw ay tiyak na mawawalan ng interes sa loob ng ilan araw. Kaya mas makakabuti kung alam mo kung papaano at kung ano ang babasahin sa Bibliya, depende kung ano ang gusto mong malaman at kung ano ang iyong hinahanap.

Ang Bibliya ay may dalawang bahagi: Ang Lumang Tipan (Panahon bago kay Hesus) at ang Bagong Tipan (Panahon nang at pagkatapos kay Hesus). Kung gusto mong basahin ang mga kwentong tungkol sa paglikha ng Diyos at tungkol sa Kanyang Bayan, tungkol sa makasaysayang araw, mababasa mo ito sa Lumang Tipan (Genesis, Exodo, Josue at iba pa). Kung nais mong basahin ang kwento tungkol kay Hesus at ang simbahan kanyang tinatag, mababasa mo ito sa Bagong Tipan (Mateo, Marco, Lucas, Juan at Mga Gawa ng mga Apostol). Kung nais mong basahin at umawit ng papuri sa Diyos, maaari mong basahin at magnilay sa aklat ng Mga Awit.

Papaano magnilay-nilay sa mga bersikulo sa Bibliya?

Ang Bibliya ay punong-puno ng mga pangako ng Diyos. Habang binbasa natin ang Bibliya, may mga particular na bersikulo kang mapapansin. Dapat tayong manalangin sa ang Banal na Espiritu na tayo'y gabayan at turuan ng Kanyang Salita. Ang Diyos ay maghahayag ng Kanyang plano, Kanyang pangako at ang Kanyang Kalooban para sa atin. Kailangan natin basahin ang Kanyang Salita, ang Bibliya na may pananampalataya sa ating puso.

Anu-ano ang mga makapangyarihan pangako ng Diyos (sa Bibliya)?

Ang Bibliya ay punong-puno ng pangako ng Diyos sa atin. Matatagpuan mo ang ilang halimbawa sa Seksyon 3 ng aklat na ito (Pangkat ng Panalangin). Ang panalangin na ito ay may dalang Pangako ng Diyos sa atin at may particular na bersikulo na matatagpuan sa dulo ng mga panalangin. Maaari kang sumangguni at magnilay-nilay sa mga bersikulong ito, at maging pagpapala ng Diyos sa makapangyarihang paraan.

Si Hesus ay namatay na isang napakasakit na kamatayan. Paano siya maaaring maging Diyos?

Ang Diyos, ang manglilikha ng langit at lupa na ang ating Amang Mapagmahal sa langit. At si Hesus ay Anak ng Diyos. Dahil sa pag-ibig ng Diyos ginawa nyang isugo ang kanyang Anak na si Hesus sa lupa, upang maging handog na kordero na namatay sa krus para tayo ay maligtas sa ating mga kasalanan at mapangwalang hanggang kamatayan. Sino ang makakapagligtas sa atin sa kasalanan at mapangwalang hanggang kamatayan, maliban sa Diyos? Sino ang maaaring umibig sa atin na higit pa kay Jesus, para mamatay sa akin, sa iyo at sa lahat, gayunman maraming taong hindi nakakakilala sa Kanya.

Si Hesus ay namatay upang tayo'y maligtas at marami pa sa atin ay hindi nakakaalam nito. Sino ang magmamahal sa atin ng higit pa?

Ang Diyos ay makapangyarihan. Ang Diyos ay Siyang makakapagpatawad ng ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan. Bakit kailangan ni Hesus mamatay para sa atin?

Ang Diyos ay ang ating Amang mapagmahal. Hindi kayang isalarawan sa salita kung gaano tayo kamahal ng Diyos. Gayon pa man, ang Diyos ay tapat sa Kanyang sinimulan. Ang katarungan at kabanalan ng Diyos ay nangangailan na ang nagkasala ay dapat parusahan. Ngunit sadyang mahal na mahal tayo ng Diyos. At dahil sa Kanyang pag-ibig at habag tayong nagkasala ay kanyang pinalaya. Kinuha ng Diyos pangangailang na ito nang sinugo ng Diyos si Hesus, ang ating Tagapagligtas upang kunin ang ating lugar at harapin ang kinahihinatnan ng atin mga kasalanan. Gayun na lang ang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Sino ang makakatulad ng ganitong pag-ibig?

Paano napagtagumpayan ni Hesus ang Kamatayan? Ano ang pagkabuhay muli?

Pinahintulutan ng Panginoon Hesus Kristo na mapako sa krus bilang kapalit Niya upang ang ating mga kasalanan ay magkaroon ng katapawaran at hinugasan Niya tayo. Siya ay namatay sa ating lugar at nilibing. Sinupil Niya ang kamatayan at muling nabuhay sa ikatlong araw. Ito ang tinatawag na muling pagkabuhay.

Pagkatapos ng Kanyang Mulingpagkabuhay, kasama Niya ang kanyang mga disipulo sa loob ng apatnapung araw bago umakyat sa langit. Mulí Siyang magbabalik sa Kanyang kaluwalhatian.

Si Hesus ay ang ating manunubos. Kung sinuman ang tatawag sa Kanyang Banal na Pangalan ay matutubos.

Ano ang di-pangkaraniwan tungkol kay Hesus Kristo? Ano ang bukod-tangi kay Hesus Kristo?

Si Hesus Kristo ay Anak ng Diyos. Maraming bagay ang bukod-tangi kay Hesus. Si Hesus ay nagpunta sa lupa upang manirahan kasama natin at ipakita kung paano mamuhay ng maka-Diyos na pamumuhay. Siya ay pinanganak sa sabsaban. Bilang isang Diyos maaari Niyang piliin ang lahat ng kayamanan sa mundo, para sa kanyang kaginhawaan habang nasa lupa. Sa halip, pinili Niya ang mapagpakumbabang buhay ng karaniwang tao. Ninais Niyang manirahang kasama natin.

Ang mga angel ay umaawit at nagdiriwang nang Siya ay pinanganak. May natatanging tala na lumiwanag para sa Kanyang karangalang at may mga Pantas mula sa Silangan ang dumating upang magbigay galang sa Kanya.

Ipinakita Niya kung papaanong umiwas sa kasalanan at tukso at mamuhay ng maka-Diyos na pamumuhay. Siya ay namatay sa krus upang tayo'y tubusin magpakailanman mula sa kasalanan at kamatayan. Saan ka nakarinig na ang Diyos ay namatay upang ikaw ay maligtas at maging malapit sa Kanya para makapiling niya magpakailanman?

Ang "Pagdurusa ni Hesus" at ang Kanyang kamatayan sa krus ay isang pagpapaptunay ng Diyos, na Ama sa langit, ang Kanyang pag-ibig sa atin.

Si Hesus ay muling nabuhay pagkatapos ng ikatlong araw para mabigyan tayo ng tagumpay laban sa kamatayan. Siya ang ating kasagutan sa lahat. Sa katunayan, Siya lang ang tanging sagot. Siya ang ating Manggagamot, ang ating taga-pagtustos, ang ating taga-pagtanggol, ang ating Panginoon, ang ating Diyos, ang ating kaibigan, ang ating taga-pagpatnubay, ang ating kapatid, ang ating Hari, ating Poon at marami pang iba.

Ang mga tao ay madalas ay nagbibigay ng pinakamahusay na handog sa kanilang diyos-diyosang. Si Hesus, ang Anak ng Diyos ay hindi naghahangad ng ganuon uri ng kaloob. Hangad ng Diyos ay dalhin natin sa Kanya ang atin kabiguan, ang atin mga suliranin, ang ating kasakitan, ang ating mga kalungkutan sa ganyun ay maaari Niyang kunin ito sa atin at tayo ay puspusan ng Kanyang biyaya, ng Kanyang habag at ng Kanyang pagmamahal.

Ano ang katangi-tangi tungkol sa Dugo ni Kristo? Bakit ang mga tao ay pinag-uusap ang Dugo ni Kristo?

Ang Dugo ni Kristo ay katangi-tanging kahulugan. Kapag ang isang tao ay naniwala kay Hesus, bilang Anak ng Diyos at tanggapin si Hesus bilang manunubos, ang dugo ni Kristo ay huhugasan ang kanyang kasalanan, siya ay maliligtas sa habang buhay na kamatayan.

Noong panahon ng "Mosaic Law" (kapanahunan ng Lumang Tipan), minsan sa isang taon, ang Saserdete ay naghahanda ng alay ng dugo ng mga hayop sa templo ng altar upang humingi ng katapawaran ng mga kasalanan ng tao. Ang pag-aalay ng dugo ng hayop ay nagaganap taun-taon. Ayun sa batas, kung walang pagdanak ng dugo, walang katapawaran ang tao.

Ang Pagdurusa, Paghandog at ang Dugo ni Hesus Kristo sa krus ay nagtubos sa atin mga kasalanan ay minsan na lamang. Kung tayo ay maniniwala sa Kanya, humingi ng katapawaran at magsisi, tayo ay Kanyang patatawarin, huhugasan ang ating mga kasalanan ng Kanyang Mahal na Dugo at tayo'y maliligtas magpakailanman.

Ang katagang "Dugo ni Kristo" ay isang paghahayag ng pagpapakasakit ni Hesus sa krus at ang buong kabayaran ni Hesus para sa atin lugar. Si Hesus ay nagdusa at namatay para sa iyo, para sa akin at para sa atin lahat. Tayo ay makasalanan at ngayon ay naligtas nang tanggapin natin si Hesus bilang ating manunubos. Ang Dugo ng Diyos ay kumakalinga sa atin mula sa kapahamakan.

Kung sino man ang manalangin sa ibang diyos bukod kay Hesus, ano kaya ang iisipin ni Hesus? Ano kaya ang kanyang mararamdaman?

Ano kaya ang iyong mararamdaman kung ang taong mahal mo ay hindi ka mahal katulad ng nararapat at ibig mo? Ikaw ay malulungkot. Ngunit ikaw ay patuloy na magmamahal sa taong yaon at maghihintay na may pag-asa.

Gayun din, nasasaktan si Hesus kung hindi natin Siya binibigyan una sa atin buhay. Gayunpaman, nauunawaan ni Hesus ang ating puso't isipan. Kapag may taong hindi nagmamahal sa Diyos bilang Mapagmahal na Ama at hindi niya binibigyan una sa kanyang buhya, si Hesus ay matiyagang maghihintay sa kanya na isang araw ay malalaman ang katotohanan at ang katotohanan ay magpapalaya sa atin.

Si Hesus ay matiyagang naghihintay sa isang araw na tayo ay magiging kaisa sa Panginoon, sa Kanyang pag-ibig.

Papaano ang mga tao as sasambahin si Hesus na napako sa krus at nasaktan? Pakiramdam ko'y isa itong walang puso at napakasakit.

Ang krus ay nagpapaalala sa atin ng pagmamahal ng Diyos sa atin, kung papaano sinugo ng Diyos ang kanyang buktong na Anak, ang ating Panginoon Hesus Kristo upang mamatay sa krus upang tayo ay kanyang maligtas sa kasalanan, kasakitan at kamatayan. Ang krus ay tanda ng Mabuting Balita na nagpapahiwatig ng pagmamahal ng Diyos at tayo ay sumasampakanya magpakailanman kung tatanggapin natin si Hesus na ating personal na tagapagligtas. Ang krus ay nagpapahiwatig ng pag-asa at pagmamahal. Kung tayo'y titingin sa Diyos sa ganyang pananaw, mauunawaan natin ang tunay na importansya ni Hesus sa krus.

Dapat din natin isaisip na si Hesus Kristo ay muling nabuhay at nasupil ang kamatayan. Siya ang ating Diyos na buhay.

Ang Kristiano ay nakasunod sa kaugalian ng taga-kanluran. Kailangan ba na ako'y maging katulad nila kung ako'y maniniwala kay Hesus Kristo?

Ang pagbabago ay nangyayari sa puso at sa isip ng tao. Ang paniniwala kay Hesus ay hindi nangangailangan ng panglabas na pagbabago. Kung ang isang tao ay naniniwala kay Hesus at naglalaan ng panahon sa pag-iisa at panalangin, ang Banal na Espiritu ay mag-gagabay sa kanya at mas lalo pang mapapaloob sa kanya.

May mga ibang tao na sumusunod sa mga bagong bagay sa kanilang kultura at kuminidad ngunit hindi ito kinakailangan. Ang ating puso at isipan ang mas mahalaga sa Panginoon kaysa sa makamundong-bagay.

Ako ay naniniwala kay Hesus. Meron ba akong dapat baguhin sa aking pamumuhay?

Meron. Ngunit hindi mo kailangan apurahin mo ang iyong sarili sa pagbabago sa iyong pamumuhay. Nang naninwala ka kay Hesus bilang personal na Mananakop, ipagkatiwala ang iyong puso, isipan, espiritu at oras sa Kanya. Maglaan ng panahon sa Kanyang Presensiya sa pag-iisa, sa katahimikan at mag-ukol ng oras sa panalangin. Kapag napaghusayan na ang ganitong Gawain, ang Banal na Espiritu ay gagabayan ka sa mas malalim at mas personal na ugnayan sa Diyos.

Ang Kristiano ba ay umiinom ng alak sa loob ng simbahan?

Hindi dapat. Ito ang maling pagkakilala tungkol sa mga Kristiano. Papaano ang tungkol sa pagdalo sa simbahan? Sa ganun paraan, ikaw ay makakarinig ng sermon, tingnan ang ritwal at unawain ang kahulugan ng mga ritwal na ito.

Ang simbahan ay lugar ng pananambahan sa Diyos. Sa anong dahilan bakit kailangan magsuot ng saplot sa paa sa loob ng simbahan?

Nang tinanggap natin si Kristo bilang manunubos, tayo ay templo ng Diyos at ang Banal na Espiritu ay namamahay sa atin. Ang mahalaga ay kung natanong natin sa ating sarili, kung ang ating puso't isipan ay malinis at busilak bago natin isipin ang ating panglabas na kalinisan. Ito ay tungkol sa pagtingin ng ating puso at isipan nang tayo ay sumunod kay Hesus.

Sa pangkalahatan, hindi kailangan magtanggag ng saplot sa paa kung ikaw ay papasok sa loob ng simbahan. Gayunman, may mga simbahan sa maliliit na bayan at baryo, na kung saan ang mga tao ay piniling magtanggag ng saplot sa paa kung sila ay pumapasok sa loob ng simbahan para mapanatiling malinis ang loob nito.

Ano ang kailangan kong gawin para sumunod kay Kristo? Ano ang kailangan kong isuko kung ako ay maniniwala kay Kristo?

Maniwala ka na si Hesus Kristo ay Anak ng Diyos at ibigay lahat ang iyong panalangin sa Kanya na may pagtitiwala na Siya ay may napaka lawak na plano para sa iyo. Alamin sa iyong puso na Siya ang Diyos, ang ating kagalingan, ating Manunubos, ating kaibigan at ating Taga-pagligtas.

Ugaliin sa iyong pang araw-araw na pamumuhay na magtala ng oras sa harapan ng Diyos sa panalangin. At manalangin kay Hesus na gabayan tayo sa lahat ng balakin sa atin buhay. Tanungin Siya sa panalangin kung ano ang nais na isuko natin sa Kanya at manalangin na tayo ay gabayan at bigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbago ang pamumuhay.

Hindi mo kailangan isuko ang kahiligan mong pagkain, pananamit, kabahayan, kaugalian o kahit ano man. Ipako ang iyong pag-iisip sa pagbabago ng iyong puso at isipan at pahintulutan mong ituro ni Hesus ang daan.

Anu-anong mga ritwal ang dapat kong sundin kung ako ay maniniwala kay Hesus Kristo?

Ang importante sa lahat ang ating malapit na kaugnayan sa Diyos. Ang ritwal ay pumapangalawa lamang. Alam ng Diyos an gating mga pangangailangan. Bigyan halaga sa iyong pang araw-araw na pamumuhay ang maglaan ng oras sa harapan ng Diyos at maglaan ng oras sa panalangin. Walang particular na hakbangin na kailangan sundin kung mananalangin. Sa pagsimula sa iyong paglapit sa Presensiya ng Diyos, ikaw ay kanyang gagabayan at ito ang pasimula ng iyong lakbayin na kasama Siya.

Maaaring mong talakayin sa ibang mananampalatayan kay Hesus ang nais mo pang may iba pang malaman katanungan sa iyong isipan.

Kailangan bang magtungo sa simbahan?

Mahal ka ng Diyos. Mahal mo ba ang Diyos? Ikaw ba'y Masaya at malugod sa pagsulong ng iyong espirituwal na pagkakilala sa Diyos? O nais mo pa Siyang makilala ng lubusan at mahal in ng lubusan? Nais mo bang mas lalong mapalapit sa Kanya at maranasan ang Kanyang biyaya at pagpapala sa iyong buhay?

Huwag pumunta sa simbahan para sa kapakanan ng ritwal. Pumunta sa simbahan para sa pagmamahal sa Diyos, para sa alang-alang ng iyong personal na ugnayan sa Diyos. At sa sandal mong maranasan ang higit pang pag-ibig ng Diyos, hayaan mong akayin ka at gabayan ka sa iyong paglalakad na kapiling Siya.

Ano ang pagsamba sa diyos-diyosan? (idolo)

Kapag ang tao ay sumasamba sa anumang bagay o sinumang higit pa kaysa sa tunay na Diyos, ito ay tinatawag ng pagsamba sa diyos-diyosan o idolo. Kung sinuman ay sumasamba sa isang rebulto at iniisip niya na ayun ang Diyos o kung may tao na umiidolo sa isang sikat na tao na higit pa sa kanya. Kung may isang tao na mahal ang salapi na higit pa at kahit sino pa. Ito ang halimbawa ng pagsamba sa diyos-diyosan o idolo.

Tayo ay nilikha upang magmahal at sumamba sa ating Diyos, ang Tagapaglikha ng kalangitan at ang mundo. Siya ang ating Mapagmahal na Ama at tayo ay ang Kanyang anak. Siya dapat ang una sa lahat ng bagay at kahit kanino man.

Bakit ang mga tao ay nananalangin sa diyos-diyosan? Nararapat ba ang tao ay manalangin sa diyos-diyosan?

Sa pangkalahatang, ang mga tao ay sumusunod sa ano man bagay na kanilang nakikita sa iba o kung anu man ang natutunan nila sa nakakatanda. Kadalasan, ang mga tao ay hindi nagtatanong tungkol sa ritwal at hindi inuunawa ang layunin sa likod ng ilang mga ritwal at asal ng mga ito. At dahil nga nito, maraming tao ang nagdarasal sa diyos-diyosan.

Sa sandaling nasimulan natin ang pag-uusisa kung ano ang ginagawa natin at bakit natin ito ginagawa, tayo ay pumapasok sa kaparaanan ng paghahanap ng katotohanan. Ang katotohanan ay nasa Diyos. Kung tayo ay naghahanap ng katotohanan tungkol sa Diyos sa atin puso, ang Diyos ay magsisimulang ihayag ang Kanyang sarili at ang Kanyang pagmamahal at ang Kanyang katotohanan ay magpapalaya sa atin.

Merong pa bang pangangailangan manalangin sa diyos-diyosan kung tayo ay nakakapanalangin sa atin Ama na Diyos?

Maraming taong sumasamba sa araw, sa buwan, sa bituin, sa mga planeta at sa kalikasan. Mali ba ang sumamba sa kalikasan?

Ang Diyos ang lumikha ng langit at lupa. Ang Diyos ang lumikha ng lahat na nasa kalangitan at sa mundo. Ang kalikasan, ang araw, ang buwan, ang mga bituin at ang mga planeta ay Kanyang nilikha. Dapat ba ang tao ay sumamba sa nilikha o sa Mang-lilikha.

May mga tao na inaakala nila ang araw, buwan, mga bituin at mga planeta ay diyos o naniniwala sila na ang diyos ay naninirahan sa mga nilikhang ito. Bakit hindi natin ipako ang ating isipan sa Manglilikhang Diyos na ang atin din Mapagmahal na Ama sa langit? Bakit hindi natin sambahin ang ating Mapagmahal na Ama sa langit na lumikha sa atin at nagmahal sa atin at nananabik sa ating pagmamahal?

May mga ilang Kristiano na laging pinag-uusapan ang tungkol sa kasalanan. Ang mga ito ay sadistang tao. Bakit kailangan pag-usapan ang tungkol sa kasalanan?

Nilikha tayo ng Diyos na Kanyang kawangis ngunit ang kasalanan ang naghiwalay sa atin sa Kanya. Upang tayo ay manumbalik sa Kanya, isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, ang Panginoon Hesus Kristo upang mamatay sa krus bilang isang handog para sa atin mga kasalanan na ginawa. At sa pamamagitan ng sakripisyong kamatayan ng Panginoon Hesus at ang Kanyang muling pagkabuhay, tayo ay naligtas mula sa walang hanggang kasalanan at kamatayan—kung tatanggapin natin si Hesus, na Anak ng Diyos na ating Taga-paglitas at Panginoon.

Ang mga taong nakakaunawa ng katotohanan ito ay nagagalak na ibahagi ang katotohanan sa iba upang sila naman ay maligtas. Kaya naman, maraming mga tao ay pinag-uusapan ang tungkol sa kasalanan, ang kahihinatnan ng kasalanan at paraan upang maligtas sa kasalanan.

Hindi lahat ay makasalanan. Paano mo malalaman na ang lahat ng tao ay pinanganak na makasalanan?

Si Adan at si Eva ay ang mga unang taong nilikha ng Diyos sa Kanyang kawangis na sumuway sa Diyos at ang kasalanan ay dumating sa mundo na nagmula sa kanila.

Tayo ay tinuruan noong tayo ay bata pa na dapat tayong matutong magbahagi at mangalanga sa iba. At panatilihin ang isang bagay para sa atin sarili at hindi ipabahagi sa iba ay pagiging maka-sarili, sakim at ito ay mali.

Napagmasdan mo na ba ang mga maliliit na sanggol? Kapag binibigyan mo ng laruan ang sanggol, hinahawakan niya ito ng mahigpit. At kapag sinubukan mong alisin sa kanya, siya ay pumapalag, hihilain pabalik at siya ay umiiyak. Hindi ba an sanggol na ito ay maka-sarili? Sino ang nagturo sa ugaling ito sa sanggol? Walang sinuman. At papaanong nalaman ng sanggol ang ganitong pag-uugali? Ito ang halimbawa na kung papaano ang kasalanan ay dumapo sa ating buhay bago pa tayo ay pinanganak.

Marami sa atin ay nagkaroon ng kaguluhan sa pagkaunawa ng kasalanan. At kung minsan, mahirap tanggapin na kahit tayo ay nagsisikap na maging mabuti, may mga lugar sa ating buhay at mga kalagayan na nagkakaroon tayo ng masamang saloobin, pagkamuhi, pagka-inggit, kasakiman, nagsasabi ng kasinungalingan at mananakit ng kalooban.

At ating mauunawaan na kailangan nating makalaya sa lahat ng kasalanan magpakailanman. At ito ang lang ay possible sa pamamagitan ng katapawaran at ito'y ating makakamit mula sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo.

Paano tayo makaka-iwas sa kasalanan?

Habang tayo ay naglalakad ng palapit sa Diyos, tayo ay lalong nagkakaroon ng kamalayan ng kung ano ang tama at kung ano ang mali. At dahil sa Kabanalan ng Diyos, tayo ay lumalayo sa kasalanan.

Napakahalaga para sa atin na magkaroon na malapit na kaugnayan sa Diyos.

Papaano tayo mapapatawad sa atin mga kasalanan?

Si Hesus ay namatay sa atin kasalanan. Nang tayo'y naniwala sa Kanya, na Siya ang Anak ng Diyos at Siya ay tanggapin bilang atin Tagapagligtas, ipagtapat ang ating mga kasalanan, magsisi at humingi ng katapawaran. At gayun na lang, na huhugasan niya ang ating kasalanan at tayo ay patatawarin. Tayo ay magiging bagong nilalang. Lahat ng atin mga kasalanan ay pinatawad at kinalimutan na ng Diyos.

Parati akong tumutulong at nangangalaga sa iba. Wala akong anumang kasalanan. Bakit kailangan pag-usapan ang kasalanan?

Ang paggawa ng kabutihan at pagtutulong sa kapwa ay hindi nangangahulugan na ikaw ay walang kasalanan. Ang kasalanan ay hindi tungkol lang sa pagnanakaw, pagpatay, panloloob at kung ano pang krimen. Kung tayo ay may poot, mapagmataas, mapanibugho, walang galang, sinungaling, sakim at maraming pang iba, kung gayan tayo ay nagkasala.

Kung minsan, napakahirap tanggapin ang ating pagkakamali at kahinaan. Mas mahirap itong pagsisihan at pag-usapan.

Ang nais ng Diyos ay tayo ay makalaya sa atin mga kasalanan. Nais Niyang aminin natin ang ating pagkakamali at mga kasalanan at magsisi upang mahugasan tayo ng Dugo ni Kristo at mapawalang sala.

Ano ang pangungumpisal ng mga kasalanan? Bakit ko kailangan mangumpisal?

Ang pangungumpisal ng mga kasalanan ay isang kaparaan sa pagkakaroon ng kamalayan sa mga kasalanan na ating nagawa sa ating buhay at ang pag-aamin nito sa Diyos na atin itong pagkakamali sa ating buhay. Kung tayo ay mangungumpisal sa ating kasalanan, kailangan din natin magsisi at humingi ng katapawaran sa Kanya.

Ang Salita ng Diyos ay nangakong *“Subalit kung ipapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat Siya’y tapat at matuwid”*.

Ano ang pag-sisisi? Papaano dapat mag-sisi?

Bilang karagdagan sa pangungumpisal ng mga kasalanan, nais din ng Diyos na tayo ay magsisi sa mga kasalanan at ang mga nakaraan maling Gawain. Nais ng Niya ay tayo ay tumalikod sa mga makasalanan Gawain at sa halip ay sumunod sa Kanya. Ang pagsisisi ay tungkol sa paghihingi ng paumanhin sa mga kamalian at mga kasalanan nagawa. Ang tunay na pagsisisi ay nagdudulot ng pagnanais na hindi na maulit ang pagkakamaling iyon.

Kung tayo ay lalapit sa Diyos na humihingi ng katapawaran, kailangan din natin manalangin na bigyan tayo ng kalakasan na maging mapabuti.

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan na tayo ay magiging matuwid. Ang Diyos, na Mapagmahal na Ama sa langit ay umuunawa na tayo ay paminsan-minsan na matitisod. Gayun pa man, kung tayo ay lalapit na mag pagsisisi sa atin puso na humihingi ng Kanyang katapawaran, ito’y ating matatanggap. Sa ganitong paraan, ang Diyos ay hinuhubog tayo na maging mas mapabuti. At ang ating pakikipag-ugnayan sa Diyos ay lumalalim.

Ang sabi sa Bibliya na kung tayo ay magsisi at hanapin ang Diyos, si Hesus mismo ang tutulong sa atin.

“Mga anak, isinusulat ko ito sa inyo para hindi kayo magkasala. Ngunit kung magkasala ang sinuman, may Taga-pamagitan tayo sa Ama. At iya’y si Hesus Kristo, ang walang sala. Sapagkat si Kristo ang handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan natin, at kasalanan din ng lahat ng tao”

Dapat tayong matuto sa katangian ng Diyos at sumunod sa Kanya ng masinsinan. Tayo ay nagkasala at tayo ay humihingi ng katapawaran. Tuwing tayo ay nagkasala, tayo ay pinapatawad ng Diyos. Kapareho nito, kailangan din natin magpatawad. Ang Bibliya ay nangaral sa atin.

“Sa halip, maging mabait kayo at maawain; mapagpatawad kayo sa isa’t-isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Kristo”.

Ano ang kahulugan ng Baluting Kaloob ng Diyos?

Ang Baluting Kaloob ng Diyos ay tumutukoy sa Espirituwal na kasuotan na ating maaasahan sa pang araw-araw na laban sa buhay. Ang Baluting Kalooban ng Diyos ay bumubuo ng Kupya ng kaligtasan, bigkis ng Katotohanan, baluti ng pagkamatuwid, ang pangyapak ng Mabuting Balita, Kalasag ng pananalig, tabak ng kaloob ng Espiritu, samakatuwid ang salita ng Diyos.

Mangyaring sumanguni sa Pangkat III ng aklat na ito (Ang Pangkat tungkol sa Panalangin) para malaman kung papaanong manalangin at gamitin ang Baluting Kaloob ng Diyos upang maging kasanggalang sa pang araw-araw na pamumuhay. Gawin itong kaugalian sa inyong umagang Gawain at suotin ang Baluting Kaloob ng Diyos sa umaga palang. Ang panalangin ito ang maghahanda sa pagharap mo sa pang araw-araw na hamon ng Espirituwal sa lakas at kapangyarihan ng Diyos. Ang pagsuot ng Baluting Kaloob ng Diyos ay pananggalang ng ating isipan at puso mula sa hindi kaayaayang pag-iisip at damdamin at magpapatatag sa atin sa laban sa hamon ng pang espirituwal na pagsalakay.

Ano ang kahulugan na maging Malaya kay Kristo? Ano ang kalayaan kay Kristo?

Ang unang katanungan na maaaring tanungin ay, kalayaan mula saan? Magkaroon ng sandalian pagmumuni-muni ng iyong buhay. Batid mo bang mayroon na magkatulad na ugali sa buhay mo, tulad ng takot, panibugho, kapaitan, galit, hindi mapagpatawad, mga nakalipas na kasakitan, pagkagahaman, sakim, mababang pagtingin sa sarili at iba pa? Likas sa atin ang pagtanggap ng ganitong pag-uugali.

Gayunman, kung ating maiging susuruin ang ating puso, maaaring Makita natin ang naisin maging mapabuti pa lalo ngunit tayo ay paulit-ulit na nagkakamali, kung atin ginagawang pagbabago ay sa pamamagitan ng ating lakas. At tatanungin natin ang ating sarili, na kalian tayo makakalaya sa mga hindi magagandang pag-iisip, pagkilos at pag-uugali?

Si Hesus lamang ang magpapalaya sa atin. Sinabi ni Hesus,

“makilala ninyo ang katotohana, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.”

Ang pagtanggap kay Hesus bilang ating personal na Taga-pagligtas, pangungumpisal at pagsisisi ng mga kasalanan na atin nagawa, paghingi ng katapawaran at kalakasan na maging mas mabuti, maniwala sa ating puso na ang kamatayan ni Hesus sa krus ay ang Kanyang muling-pagkabuhay ay naging daan upang tayo ay maging Malaya mula sa kasalanan, paglalaan ng oras sa Presensiya ng Diyos, paglalaan ng oras sa pagbabasa ng Salita ng Diyos at paglalaan ng oras sa panalangin ang mag-aakay sa atin paalis sa kasalanan at patungo sa Diyos.